

ANG ATING PANAHOON

Isang Kapanahong Kasaysayan ng Bayan Mula Pagkabansang Republika

Hanggang Kapangyarihang Bayan (1946-Kasalukuyan)

Michael Charleston “Xiao” Briones Chua

Abstract:

The Pacific War (World War II) left the Filipino nation in great destruction, that was why when the Independence of the Philippines was returned by the government of the United States on 4 July 1946, we needed the financial help of our former colonizer. In exchange for rehabilitation aid, they were able to protect their political and economic interests in thi country through the Bell Trade Act, Treaty of General Relations, etc. The continued neo-colonialism in the Philippines was symbolized by the stay of the 65,000 hectare US bases in the Philippines and the dominance of colonial mentality among Filipinos. An independent nation not truly free.

With neo-colonialism, elite democracy also continued to dominate the country where the very rich control the state and the economy. Despite attempts at land reform, the big haciendas remained with a few families. The promised change under Martial Law and New Society of President Ferdinand Marcos since 21 September 1972 only saw a change from the old elite to the new cronies, gross human rights violations and corruption. A democratic country where political power belong only to a few.

In the face of elite democracy, neo-colonialism, and dictatorship, the struggle for true freedom was manifested in different ways by different sectors—the armed struggle by the Huks, New People’s Army and the Muslim rebels; the student movement during the time of the First Quarter Storm (FQS), and other movements paved the way for EDSA, the first People Power that ousted President Marcos on 25 February 1986.

People Power in EDSA shouldn’t only be seen in political lens, rather it should be seen as a phenomenon rooted in Philippine Culture: *Pananampalataya, Pakikipagkapwa, Pakikiramay, Pagiging Masiyahin, Bayanihan, Pagiging Mapayapa, and Pagiging Malikhain* ay dapat taglayin ng lahat sa pagpapatuloy ng sama-samang pakikibaka ng lahat para sa tunay ng kalayaan, kaginhawaan at kalinangan (pagkakakilanlan natin bilang mga Pilipino) na inadhika nina Andres Bonifacio at ng mga Katipunero noong 1896.

Bagama’t isa lamang sarbey ng mga pangyayari mula 1946, nais nitong mag-ambag sa talastasang bayan sa pamamagitan ng paglalagat ng isang maaaring lapit upang magsulat sa historikal na pananaw ukol sa mga panahon na naging bahagi tayo o naramdaman natin ang direkta ang epekto ng mga pangyayaring nakapaloob dito. Sa Kapanahong Kasaysayan, binabasa ang mga pangyayari sa mas malapit na nakalipas sa lente ng mas malawakang kasaysayan ng ating bayan.

Key Concepts: Elite Democracy, Neo-colonialism, Dictatorship, People Power, *Kapanahong Kasaysayan*.

Abstrak:

Ang digmaang Pasipiko ay nag-iwan ng matinding pagkawasak sa bayang Pilipinas, kaya naman nang isauli ng Pamahalaan ng Estados Unidos ang kasarinlan ng Pilipinas noong ika-4 ng Hulyo, 1946, kinailangang umasa sa tulong-pinansyal ng mga dating kolonyalista. Kapalit ng pera para sa rehabilitasyon, napangalagaan nila ang kanilang mga pulitikal at pang-ekonomiyang interes sa Pilipinas sa pamamagitan ng Bell Trade Act, Treaty of General Relations, atbp. Ang nananatiling neokolonyalismo sa Pilipinas ay sinagisag ng pananatili ng 65,000 ektaryang mga base militar ng mga Amerikano at ng pamamayani ng kamalayang kolonyal sa mga Pilipino. Isang nagsasariling bansa na hindi tunay na malaya.

Kaakibat nito ang pagpapatuloy ng pamamayani ng demokrasyang elit, kung saan ang mga maykaya lamang ang kumokontrol sa pamahalaan at mga negosyo. Sa kabila ng reporma sa lupa, nananatili sa iilang pamilya ang mga malalaking mga hasyenda. Ang pangakong pagbabago sa ilalim ng Batas Militar at Bagong Lipunan ng Pang. Marcos noong ika 21 ng Setyembre, 1972 ay napalitan lamang ng pamamayani ng bagong elit (kroniyismo), pagsupil sa karapatang pantao at katiwalian. Isang demokratikong bansa na iilan lamang ang may hawak ng kapangyarihang pampulitika.

Ang hamon ng demokrasyang elit, neokolonyalismo, at diktadura ay tinugunan ng iba't ibang paraan ng pakikibaka para sa tunay na kalayaan—ang armadong pakikipaglaban ng mga Huk, NPA at mga rebeldeng Moro; ang kilusan ng Kabataan sa panahon ng Sigwa (FQS), atbp. ang pumatag ng landas patungo sa EDSA, sa unang Kapangyarihang Bayan (People Power) na nagpatalsik sa Pang. Marcos noong ika-25 ng Pebrero, 1986.

Ang Kapangyarihang Bayan sa EDSA ay hindi lamang dapat tingnan sa pulitikal na perspektiba. Ang diwang EDSA na nakaugat sa kalinangan Pilipino: *Pananampalataya, Pakikipagkapwa, Pakikiramay, Pagiging Masiyahin, Bayanihan, Pagiging Mapayapa, at Pagiging Malikhain* ay dapat taglayin ng lahat sa pagpapatuloy ng sama-samang pakikibaka ng lahat para sa tunay ng kalayaan, kaginhawaan at kalinangan (pagkakakilanlan natin bilang mga Pilipino) na inadhika nina Andres Bonifacio at ng mga Katipunero noong 1896.

Bagama't isa lamang sarbey ng mga pangyayari mula 1946, nais nitong mag-ambag sa talastasang bayan sa pamamagitan ng paglalata ng isang maaaring lapit upang magsulat sa historikal na pananaw ukol sa mga panahon na naging bahagi tayo o naramdaman natin ang direkta ang epekto ng mga pangyayaring nakapaloob dito. Sa Kapanahong Kasaysayan, binabasa ang mga pangyayari sa mas malapit na nakalipas sa lente ng mas malawakang kasaysayan ng ating bayan.

Mga Susing Konsepto: Demokrasyang Elit, Neokolonyalismo, Diktadura, Kapangyarihang Bayan, Kapanahong Kasaysayan.

I. Panimula

Tila walang kamatayan ang mga awitin ng pag-ibig ng kompositor na si Rey Valera. Hanggang sa ngayon, ginagamit ito bilang pamagat ng mga paborito nating subaybayan—“Maging Sino Ka Man,” “Pangako Sa Iyo” at ang pinakabagong “Walang Kapital.” Ngunit mayroong isang hindi sikat na awitin si Rey na kanyang kinatha sapagkat nadama niyang pananagutan niyang ikwento sa kanyang magiging anak at magiging apo kung ano ang buhay at kanilang mga ginawa para sa kanilang kinabukasan. Nais niyang sagutin ang tanong na “bakit tayo ganito?” Ang pamagat ng awitin ay “Ang Aking Panahon.” Ilan sa mga linya nito ang nagsasaad:

Sikat ang Pinatubo umalis mga kano / Ngunit ang isip namin G. I. Joe pa rin /
Pagkatapos mag-aral takbo ay Amerika / Tingin namin sa bayan ay walang pag-
asa / Salitang pagkakaisa ay narinig na namin / Ngunit di alam ang gagawin at
kung anong ibig sabihin

Ito ang bayan ko ngayon / Ito ang aking panahon / Kung maaalala niyo kami / Ito
ang aming panahon (del Rosario 2002, w.p.)

Ngunit ayon sa ilang historyador, kung isusulat ng historyador ang mga pangyayaring naabutan nito o naramdaman ang mga epekto nito, maaaring hindi maging “historikal” ang pagtimbang sa mga pangyayari at mauwi lamang sa “investigative journalism” na pag-uulat ng mga eksplosibong isyu na hindi naman iniuugnay sa kasaysayan at kalinangan ng bayan. Maaaring

maging masyado rin itong emosyunal o may pagkiling dahil sa lapit ng mga pangyayari sa naratibong binubuo.

Bagama't maaaring sarbey lamang ang papel na ito ng nagdaang kalahating siglo, nais nitong ipakilala ang isang lapit upang gamitin sa pananaliksik ukol sa at pagsasakasaysayan ng ating panahon—Ang Kapanahong Kasaysayan. Ayon kay Zeus Salazar sa isang personal na komunikasyon kay Michael Charleston B. Chua noong 11 Hulyo 2007, ang Kapanahong Kasaysayan ay mga “salaysay na may saysay sa mga kapanahon na nakapaloob sa isang mas malawakan at matagalang kasaysayan bilang kamalayang pangkalinangan.” Kumbaga, nakikita ang mga pangyayari hindi lamang sa lente ng mas maikling kasalukuyan (tulad ng pagsusulat ng mga peryodista, o sa *investigative journalism*) kundi sa mas mahabang daloy ng kasaysayan. Lalo na at kahit na nagsasalaysay ang isang historyador ukol sa nakaraan, gaano man ito kalayo sa kanyang panahon, ay nagsasaysay batay sa kanyang pananaw sa kasalukuyan. Tulad ng sinabi ni Benedetto Croce, “*All history is contemporary history*” (Croce 2000). Kumbaga, hindi dapat maging isyu ang distansya lalo na kung may kasanayan sa historiyograpiya at metodo ang nagsusulat ng kasaysayan. Hindi rin itinatanggi ang *bias*, kahit naman sa mga isinusulat nating mga historyador na malayo sa ating panahon. Tapos na ang panahon na ang ohektibismo sa kasaysayan ay nangangahulugan na walang kinikilingan. Lahat ay may kinikilingan, ngunit nagiging mas obhektibo ang salaysay sa kabilang ng pagkiling kung may metodong pangkasaysayan na ginagamit (pagsusuri at pag-uugnay ng mga batis, pag-uuri nito bilang mga primarya at sekondaryang batis). (Chua 2008-2009, 60-61, 64).

Ang Kapanahong Kasaysayan, bagama't maaaring itumbas sa ating "Contemporary History" ay hindi lamang pantukoy sa isang partkular na panahon kundi isang ring metodolohiya (Bauer 1976, 333). Ang "Contemporary History" kasi ay unang ginamit bilang pantukoy sa panahon matapos ang humabang "Modern Period" na nagsimula noong magretiro si Otto Von Bismarck bilang Unang Chancellor ng nagkakaisang Alemanya noong 1890 (Barraclough 1967, 10, 15) at sa Pilipinas naman ay ginagamit ng karamihan bilang pantukoy sa panahon matapos ang digmaan. Sa ganang ito, sa Kapanahong Kasaysayan naman, ang mananalaysay o historyador at ang sinasalaysayan ay bahagi ng paksa o kasaysayang isinasalaysay. Halimbawa, ang mga historyador na sumulat ukol sa mga digmaan noong sinaunang panahong sa Europa, Herodotus, Thucydides, Xenophon, at Polybius at masasabing mga kapanahong historyador. At kalian pa maaaring isulat ang mga pangyayari na mahalaga sa kasaysayan? Kung patay na ang mga nakilahok dito. Sa kapanahong kasaysayan, dahil may mga buhay pa sa mga nakaranas ng panahong sinasaliksik, may mga maaari pang magbigay linaw o magwasto sa salaysay. Kumbaga, ito ay isang patuloy na dikurso o pag-uusap sa kasaysayang binubuo na maaaring namang laging maging preliminaryo (Chua 2008-2009, 61-63).

Ang ipinapakitang saysay ng Kapanahong Kasaysayan sa atin ay ito: ang mananalaysay o guro at ang sinasalaysayan ay bahagi ng kasaysayang isinasalaysay. Dahil dito at maipapakita na ang lahat ng indibidwal sa Bayan na sinasalaysayan ay bahagi ng Kasaysayang binubuo.

Para sa mga guro ng kasaysayan, mahalagang mailarawan at masuri ang mahahalagang konsepto, paksa at ikutang pangyayari sa ating panahon na dapat bigyang tuon sa pagtuturo ng kapanahong kasaysayan mula sa Ikatlong Republika hanggang sa kasalukuyan upang maintindihan ng mga

kabataan ang mga pangyayari sa kasalukuyan at kung ano ang kanilang maaaring maiambag tungo sa tunay na kalayaan, kaginhawaan at kalinangang Pilipino.

Sa papel na ito, may susuriing apat na susing dalumat (key concepts) na nangibabaw sa panahong ito: **Demokrasyang Elit, Neokolonyalismo, Diktadura, Kapangyarihang Bayan.**

Ang bawat isa ay tatalakayin sa pamamagitan ng paglatag ng iba't ibang hulagway nito gamit ang tatlong K: *kalayaan* (pampulitika't panlipunan), *kaginhawaan* (pang-ekonomiya), at *kalinangan* (pangkultura).¹

II. Demokrasyang Elit

Sa pagbabalik ng ating kasarinlan noong 1946 bilang isang demokratikong republika, tila iilang pamilya lamang ang may hawak ng kapangyarihang pampulitika. Ang demokrasyang elit ay nagsimula sa mga unang halalan sa ilalim ng mga Amerikano noong mga Dekada 1900 kung saan ang mga nakakapagbasa at nakakapagsulat ng Ingles at Kastila at yaong may ari-arian lamang ang maaaring makilahok sa pulitika. Gayundin, bagama't sinasabing demokrasya ang ipinakikilalang sistema, hindi kasama ang mga kababaihan sa pagboto. Kinailangan pang ipaglaban ng kababaihan ang kanilang karapatang bumoto hanggang matamo nila ito noong 1937 (Katigbak 1998, 196-197). Nagpapatuloy ito hanggang sa kasalukuyan (Santillan 2000) bagama't may mga puwersa na hinahamon na rin ang elit sa kanilang sariling laro ng pulitika.

¹ Ang ganitong konseptwalisasyon ng papel ay nabuo sa tulong nina Prop. Neil Martial R. Santillan at ang yumaong Dr. Dante L. Ambrosio. Sa paggawa ng papel, sinangguni ang Salazar 2004; Agoncillo at Guerrero 1977; Gripaldo, et.al., 2003; Veneracion at Llanes 2001; at Veneracion 1997.

Kalayaan: Kung pagbabasehan ang dami ng pangulo mula nang maitatag ang Ikatlong Republika noong ika-4 ng Hulyo, 1946, mayroon nang 11 pamahalaan ang Pilipinas. Maraming nagsasalaysay ng kasaysayan ng pamahalaan na tila ito ang kasaysayan ng mga mamamayan. Ngunit kailangang linawin na bagama't nagtatalaban ang kasaysayan ng pamahalaan sa kasaysayan ng mamamayan, may hiwalay na kamalayan ang marami sa pamahalaan. Sa mga naging pangulo na natin: Manuel Roxas, Elpidio Quirino, Ramon Magsaysay, Carlos Garcia, Diosdado Macapagal, Ferdinand Marcos, Corazon Cojuangco-Aquino, Fidel Ramos, Joseph Ejercito Estrada, Gloria Macapagal-Arroyo, at Benigno Simeon Aquino III, karamihan ay nagmula sa mga mayayaman at pulitikal na angkan. Ang mga naging kongreso ng Pilipinas ay dinominahan ng mga elit at maykaya na nagmula sa iilang mga pulitikal na angkan. Iilan lang ba ang may kakayahang gumastos at makapangalap mula sa mga mayayamang kaibigan ng daang milyon sa pangangampanya (tulad ng mga nanalong senador noong halalang 2013) para maging mga “lingkod-bayan”? (Corrales, Lingao at dela Cruz 2013) Hindi nakapagtataka na madaling malampaso ang mga alternatibong kandidato sa mga kandidatong may matatag nang pangalang pulitikal.

Sa kabila ng bagong demokrasya matapos ang 1986, sa Ikawalong Kongreso, 61%, o 122 sa 198 mga kinatawan, ay nagmula sa pulitikal na mga angkan. Mula noon, ang proporsyon ay hindi hindi nagbabago sa kabila ng pagpasok ng mga *partylist*. Sa ikalabing-dalawang Kongreso na nahalal noong 2001, 61%, o 140 ng 228 mga kinatawan, ay nagmula sa pulitikal na mga angkan. Sa Ikalabing-isang Kongreso, 62% ito. Sa ganitong sitwasyon, kung ang mga panukalang batas na makakatulong sa mamamayan ay makakaapekto sa interes ng iilan, mahihirapan itong makalusot at maaprubhang batas (Coronel et al 2004, 47).

Paminsan-minsan, mayroon namang mga pinuno na lumilitaw at ipinapadama nila na kaisa sila ng masa. Kinikilala ng kapwa mga tagasunod at kalaban niya na si Magsaysay ang nakagawa nito. Binuksan niya ang palasyo ng Malacañang isang araw sa isang linggo upang personal na dinggin ang karangian ng mamamayan. Naging pangunahin sa kanya ang pagdadala ng pangunahing serbisyo, lalo na ng mga poso, sa buong bansa. At namuhay ng simple bilang isang pinuno (Abueva 1971; Quirino 1958; at Martinez 2004).

Gayundin, nitong mga nakaraang panahon, bagama't namamayani pa rin ang demokrasyang elit, matapos ang People Power sa EDSA, makikita na “contested democracy” na ang bansa sa termino ni Nathan Gilbert Quimpo, sa pagpasok ng iba't ibang makakaliwang grupo sa mismong kongreso na dinodominahan ng mga mayayaman (Quimpo 2008). Naging mahalaga ang papel ng mga lehitimong *party list* groups sa pagsusulong ng mga mahahalagang batas sa interes ng bayan at hindi lamang ng iilan (Navarro at Elumbre 2011). Sa aming klase sa Antropolohiya sa ilalim ni Dr. Mary Racelis, nakita namin na isang malaking dahilan ng pagkakapasa ng *Reproductive Health Law* noong 2012 ay ang paninindigan dito ng mga *partylist groups* habang marami sa mga tradisyunal na mga elitistang pulitiko ay nag-*abstain* at umabsent kaysa bumoto ng “no” dahil sa presyur ng Simbahang Katoliko.

Kaginhawaan: Sa kabila ng sinasabing kalayaan mula sa dayuhan, ang mga mahihirap na kasama ay patuloy na naging alipin ng lupang kanilang sinasaka na pagmamay-ari ng mga malalaking hasyendero. Bawat pangulo ng ikatlong republika ay nagtangkang tumugon sa suliraning ito ngunit tatlong hakbang ang pinakamalaki—ang Agricultural Land Reform Code

(RA 3844) na nilagdaan ni Macapagal noong ika-8 ng Agosto 1963; ang Emancipation of Tenant Farmers of the Philippines (PD 27) na nilagdaan ni Marcos noong ika-21 ng Oktubre, 1972; at ang Comprehensive Land Reform Law (RA 6657) na nilagdaan ni Aquino noong ika-15 ng Hunyo 1988. Naging limitado ang pagpapatupad ng mga ito. Hindi lubos na naging matagumpay ang batas na nilagdaan ni Macapagal dahil tinanggal ang probisyon para sa isang progresibong pagbubuwis sa lupa, limitado lamang sa palay at mais ang mga lupang ipamimigay, at hindi naman pinanagot ang mga panginoong maylupa na magtatangkang lumusot na hindi maipamigay ang kanyang lupa (Saulo-Adriano 1991, 8). Tanging lupa lamang na tinatamnan ng palay at mais ng mga kalaban ni Marcos ang kanyang ipinamigay at sa pagtatapos ng Batas Militar, wala pang 4% ng mga kasama ang nagmay-ari ng lupa (Apostol & Arroyo 1997). Dahil sa *Land Use Conversion* mula sa pagiging agrikultural tungo sa pagiging *industrial* at *residential* at sa pagpili ng mga kasama sa *stock distribution option* naiwas ng mga kamag-anak ni Cory Aquino ang Hacienda Luisita sa pagpapamahagi nito. Ang mga pagpapaputok sa mga taong humihingi ng repormang agraryo sa Mendiola noong ika-22 ng Enero, 1987, at sa Hacienda Luisita noong ika-16 ng Nobyembre 2004, bagama't maaaring hindi ninais sa dalawang insidente ni Cory Aquino, ay nagpapaalala na ang lupa ay nananatiling batayan ng kapangyarihan na hindi pa tangan ng mamamayan (Claudio 2013).

Kalinangan: Nagkaroon ng dambuhalang pagkakahating kultural ang elit at masa dahil na rin sa kolonyal na eksperyensya mula pa noong panahon ng mga Espanyol kung saan ang mga elit ay naakultura ng kalinangang kanluranin at nagsasalita ng isang banyagang wika, sa kasalukuyan ito ay ang wikang Ingles. Nahiwalay sila sa mga gawi ng mahihirap, ang mga nanatili sa kulturang bayan (Enriquez 1992, 27-28). Sa kabila nito, para sa akin, tumatawid ang elit upang

pakialamanan ang kultura ng masa dahil sa kadalasan mga elit sa pagpapasya kung ano ang *sosyal/class/in/japorms* at kung ano ang *baduy/bakya/basura/wa-class/jologs* sa kulturang popular, halimbawa ang pamamayani ng mga maka-masa na *host* na katulad ni Willie Revillame ay dahil na rin sa paglalagay sa kanya doon ng malalaking mga network. Pinapalaganap din ang kultura sa *media* na makapagsisilbi ng kanilang mga ekonomik na interes (Tolentino 2001). Maging ang akademya, na dapat ay sumasalamin sa kalayaan mula sa interes ng mga mayayaman, ay nagiging bihag ng interes ng kapital dahil sa hindi maiiwasang pagnanais ng ilan sa mga guro na magkaroon ng promosyon, maging tanyag sa ibang bansa, magkaroon ng pagpondo ng pananaliksik mula sa mga malalaking kumpanya o pandaigdigang NGO, habang nalalayo ang kanilang mga sinusulat sa karanasang Pilipino at sa pangangailangang yakapin ang banyagang wika (Kwan Laurel 2010, 3-7).

III. Neokolonyalismo

Ang digmaang Pasipiko ay nag-iwan ng matinding pagkawasak at pagkaguho sa bayang Pilipinas, kaya naman nang isauli ng pamahalaan ng Estados Unidos (EU) ang kasarinlan ng Pilipinas, kinailangang umasa pa rin sa mga dating kolonyalista. Isang nagsasariling bansa na hindi tunay na malaya. Ang tinatawag ng ilan na “neokolonyalismo” ay ang tinutukoy ni Renato Constantino na bagong anyo ng pananakop na hindi na mismong pagsakop ng teritoryo natin, kundi ang nagpapatuloy na pag-iral ng interes pampolitika at pangkalinangan ng mga Amerikano dito sa kabila ng sinasabing “pagpapalaya” nila sa atin noong 1946 (Constantino 1966, 39-80). Matapos ang 50 taon, noong ika-4 ng Hunyo 1996, napanood ko sa telebisyon ang *re-enactment* ng pagbababa ng bandilang Amerikano at pagtataas ng bandilang Pilipino, pumalupot ang

bandilang Amerikano sa bandilang Pilipino na tila ayaw bitawan ito. Isang kakatwang salamin ng mga pangyayari sa kasaysayan (Delmendo 2005, 133).

Kalayaan: Nag-alok ang EU ng \$620 Milyong tulong pinansyal sa pamamagitan ng Philippine Rehabilitation Act ng 1946, subalit maibibigay lamang ito kung masusunod ang ilang kondisyon kung saan mapapanatili nila ang kanilang mga pulitikal at pang-ekonomiyang interes sa Pilipinas. Isa sa mga kondisyon ay ang paglagda ng Pilipinas sa Military Bases Agreement na magtatadhana ng pananatili ng 65,000 hektaryang mga base militar ng EU sa Pilipinas, tulad ng Clark Air Base at Subic Bay Naval Base. Lubos na napakinabangan ng mga Amerikano ang mga base dahil sa istrategikong lokasyon nito sa kanilang mga digmaan sa Korea at Vietnam sa konteksto ng pakikibaka laban sa pagkalat ng Komunismo sa panahon ng *Cold War*.

Mula noon, naging malapit ang mga pangulo ng Pilipinas sa EU, na sumasagisag sa “special relations” na sinasabing mayroon ang Pilipinas at ang EU. Ayon kay Manuel Roxas:

The world cannot but have faith in America. For our part, we cannot but place our trust in the good intentions of a nation which has been our friend and protector for 48 years. ...Our safest course, and I believe it is true for the rest of the world as well, is in the glistening wake of America whose sure advance with mighty prow breaks for small crafts the waves we fear! (Gripaldo 2003, 282)

Ang pakikisangkot ng EU sa pulitika ng Pilipinas ay makikita sa pagtaguyod ng CIA na si Edward Lansdale sa kampanya ni Ramon Magsaysay. Inisip niya ang mga gimik na tulad ng

“Mambo Magsaysay” upang ipostura si Magsaysay bilang Kampeon ng Demokrasya sa Asya sa panahon na pinangangambahan ang *falling dominoes*—ang pagkalat ng Komunismo sa Timog Silangang Asya. Naging instrumental si Magsaysay sa pagtatatag ng SEATO (South East Asia Treaty Organization) kung saan kabilang ang EU. Isang taon lamang matapos ang kanyang biglaang pagkamatay itinatag ng Rockefeller Brothers Fund ang Ramon Magsaysay Award Foundation upang gantimpalaan ang mga nagtataguyod ng demokrasya sa buong Asya. Siniraan ang kampanya sa pulitika ng mga kalaban ni Magsaysay at ng mga Amerikano. Isang halimbawa ang pagpapakalat ng CIA ng mga butas na kondom sa pangalan ng katunggali ni Magsaysay na si Claro M. Recto (Bonner 1987, 42) Sa ibang banda, maaari ding sabihin na ginamit ni Magsaysay ang CIA kaysa sa siya ay ginamit lamang ng CIA, upang isulong ang sa palagay niya ang mga nararapat na serbisyo sa masa. Hindi naman talaga maitatangi ang sinseridad, integridad at malinis na pamumuno ni Magsaysay (Martinez 2005, 220-221). At ang pagpili niya sa suporta ng Amerika ay nasa konteksto nga ng *Cold War* kung saan kailangan mong piliin ang “devil that you know” (EU) o ang “devil that you do not know” (Unyong Sobyet).

Bagama’t nagtangka ang mga pangulo na ipakita ang ating kalayaan (*Filipino First Policy* ni Garcia, *Philippines Turns East foreign policy* at pagpapalit ng Araw ng Kasarinlan ng Pilipinas mula ika-4 Hulyo 4 patungong ika-12 ng Hunyo ni Macapagal, at ang pagpapaikli ng pananatili ng mga base militar at pakikipag-usap sa mga bansang Komunista ni Marcos), patuloy silang naging mga kaibigan ng EU, sinuportahan ang mga digmaan nito sa Korea at Vietnam sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga *non-combatant* personnel—ang PEPTOK at Philcag-V

kapwa. Kamakailan lamang, sa digmaan kontra terorismo ni Pang. George Bush, nagpadala rin ng suportang moral at tao ang pamahalaan ni Pang. Gloria Macapagal-Arroyo sa Iraq.

Kaginhawaan: Isa pang kondisyon upang matamo ang tulong mula sa Philippine Rehabilitation Act ay ang pagsusog ng Kongreso ng Pilipinas sa Batas Pangkalakalang Bell ng 1946. Minaniobra ng mga kakampi ni Roxas ang kongreso upang matanggal ang mga tumututol at nasusugan ang batas. Ang Batas Pangkalakalang Bell ay tuwirang pagsuko ng pambansang soberanya. Itinadhana nito ang pagpapatuloy ng malayang kalakalan hanggang 1974 kung saan ang EU ay maaaring magpasok ng gaano kadaming produkto ng walang buwis sa bansa habang may *quota* para sa ating mga produktong aangatipatungo sa kanila, ang pagtatali ng halaga ng piso sa dolyar at ang *parity clause* na nagbibigay ng pantay na karapatan sa mga mamamayan at korporasyon ng Estados Unidos upang gamitin at paunlarin ang *lahat* ng agrikultural, *timber* at mineral sa Pilipinas. Ito ang naging ugat ng ating tuluyang hindi pagtindig sa sarili nating mga paa pagdating sa ekonomiya (Shalom 1986 at Karnow 1989).

Kalinangan: Ang patuloy na pamamayani ng kamalayang kolonyal ng mga Pilipino sa kabila ng pagsasarili ay madamdaming naibahagi ni Claro M. Recto:

The flagstaffs that still stand, two by two, in front of our public buildings, are the symbols of a psychological phenomenon, this split personality of our nation. Too many of our people, in their hearts of hearts, profess allegiance not only to the Republic of the Philippines, whose sun and stars wave alone in this fourth year of our independence, but unconsciously also to the United States of America, whose

stars and stripes may have been hauled down in fact, but not in spirit, and which by an optical illusion induced by long habit, are imagined to be still flying from the empty flagpole (Recto 1951, 49-54).

Hanggang ngayon, dala-dala ng marami sa atin ang kamalayang ito. Mas maganda ang Hollywood, mas matibay ang ang mga produkto na galing sa EU, mas gusto ng iba sa atin na maging mga Amerikano. Isa sa mga nagpatibay ng impluwensyang ito ay mismo ang sistemang edukasyunal na ipinatupad ng estado. Binanggit ni Renato Constantino na malaki ang papel ng patuloy na paggamit ng Ingles bilang wika ng edukasyon sa patuloy na pagkakataling ito ng kaisipan ng maraming Pilipino. Gayundin, ang patuloy na pamamayani sa bansa ng mga iba't ibang grupo na natukoy na nagsusulong ng interes ng mga malalakas na bansa sa ating Tihird World na bayan noong Dekada 1980: IMF-World Bank, ang Central Intelligence Agency (CIA), the USIS or USIA, ang Peace Corps, Ford at Rockefeller foundations at ang samahang panrelihiyong Moonie. Ang IMF-WB ay isponsor ng Program for Decentralized Education (PRODED) na mayroong malaking kapangyarihan sa pagpondo at pagtunghay sa mga teksbuk at paggawa ng curriculum sa elementarya at sekundarya, pagpapakita ng pamamayani ng kanilang impluwensya sa pangkalahatang edukasyon at pagpupunla sa kaisipan ng mga Pilipino (Fernandez 2006, 5-6).

IV. Diktadura

Noong ika-23 ng Setyembre, 1972, lumabas ang Pang. Ferdinand E. Marcos sa telebisyon upang ipahayag na isinailalim na niya ang bansa sa Pampanguluhang Proklamasyon 1081 (Deklarasyon

ng Batas Militar) dalawang araw na ang nakakalipas. Ito ay kanyang ginawa upang “iligtas” ang republika mula sa diumano’y lumalaking rebelyong Komunista at “baguhin” ang lipunan mula sa mahinang sistema ng pulitika at kahirapan (Marcos 1972, 1-6). Tinawag niya itong *Constitutional Authoritarianism*.

Kalayaan: Sa mga unang panahon ng Batas Militar, tila nagkaroon na nga ng “Bagong Lipunan”—nagkaroon nga ng katahimikan sa lansangan sa tuwing gabi dahil sa *curfew*, liban pa sa maraming mga imprastraktura ang naipatayo—mga kalsada, mga tulay at mga paaralan—na sadyang kailangan ng mga mamamayan. Subalit sa kabilang banda, sinupil ang mga kalayaang sibil sa pamamahayag at pinatay ang diwa ng demokrasya. Ipinasarado ang Kongreso at ang mga batas ay nilikha ni Marcos sa pamamagitan ng kanyang mga *Letters of Instructions* (LOI) at *Presidential Decrees* (PD). Sa dyaryo, radyo at telebisyon, puro mga magagandang balita ng mga programa ng pamahalaan ang mababasa. Lumakas ang papel ng mga militar sa pulitika, humawak sila ng mga posisyong sibil sa pamahalaan at lumaki ang kanilang hanay (mula 55,000 kawal noong 1972 hanggang 250,000 noong 1984), at ang kanilang badyet (Mula Php 608 Milyon noong 1972 hanggang US\$ 8.8 Bilyon noong 1984 (Nepomuceno-Francisco at Arriola 1987, 177). Sa paglakas ng kanilang kapangyarihan, napuno ang mga kampo militar ng Aguinaldo, Bonifacio, Crame at Bicutan (“ABC and back to B”) ng mga bilanggong pulitikal sa hanay ng mga lumalaban sa diktadura. Iba’t ibang paglabag sa karapatang pantao ang naitala: sikolohikal at sekswal na abuso, pangunguryente, *San Juanico Bridge*, paginiksiyon ng *truth serum*, pananakot sa *Russian Roulette*, pambubugbog, pagpapainom ng galong-galong tubig, pananakal, pagpaso ng sigarilyo, makahayup na pagmaltrato, atbp. (Mijares 1976, 276-324, Aquino 1984, 88-117). Iba-iba rin ang tala sa bilang ng mga biktima. Iba’t ibang organisasyon

rin ang nagtala ng bilang ng mga biktima. Ayon sa Task Force Detainees of the Philippines, mula 1965-1986: 2,668 mga pag-aresto, 398 na pagkawala, 1,338 kaso ng pagpatay, 128 na tangkang pagpatay, at 1,499 na namatay at nasugatan sa mga masaker (Magsaysay 1999, w.p.). Ayon naman sa *estimate* ng pandaigdigang samahan ng Karapatang Pantao, ang Amnesty International: 70,000 ang ikinulong, 34,000 ang dumanas ng pagpapahirap, at 3,240 ang pinatay (Apostol & Arroyo 1997).

Kaginhawaan: Sa pagdeklara ng Batas Militar, hindi lamang mga kalaban ni Marcos sa pulitika ang ipinabilanggo, maging ang ilang bahagi ng lumang oligarkiya. Ipinakulong si Eugenio Lopez, Jr. sa salang tangkang pagpatay kay Marcos at kinuha ang mga malalaking kumpanya ng Meralco, ABS-CBN at Manila Chronicle (Psinakis 1981, 136-159). Sa pagbuwag sa lumang oligarkiya, binuo ni Marcos ang isang bagong kaayusang elit na kinabibilangan ng kanyang mga kapamilya, mga kalaro sa *golf*, mga dating kaklase, mga *brod* sa *fraternity* at mga taga-suporta. Ang negosyo ng mga *cronies*, kung sila ay tawagin, ay pinaboran ng pamahalaan (Mababasa ang mga salaysay ukol dito kay Manapat 1991). Hanggang 1976, tila gumanda ang ekonomiya. Ipinasok sa pamahalaan ang mga hindi-pulitikong teknokrat tulad nina Paterno, Sicat at Virata na naniwalang sa mas malakas at estableng pamahalaan mas may pagkakataong lumago ang ekonomiya. Tumaas pa ang gross national product at nagkaroon ng surplus ang bansa sa pagtaas ng kita ng mga pang-*export* na mga produkto tulad ng asukal at niyog. Subalit nang magkaroon ng digmaan sa Kanlurang Asya, nagtaas ang presyo ng langis, at sa paghina ng kalusugan ng Pangulong Marcos ay nagbunong braso sa kontrol ng ekonomiya ang mga teknokrat at ang mga kroni na kakampi ng Unang Ginang Imelda Marcos. Lubos na naapektuhan ang ekonomiya at nagdusa ang sambayanan (Tadem 2013). Ang bilang ng nawalan ng trabaho ay lomobo mula 2.5

milyong katao noong 1972 hanggang 8.42 milyong katao noong 1984. Ang utang panlabas na Pilipinas ay lumaki mula US\$ 599.5 Milyon noong 1965 hanggang US\$ 26.5 Bilyon noong 1984, naging isa tayo sa pinaka-utangerong bansa sa Asya (Miranda 2001, 99). Hindi naglaon nagbabayad na tayo ng ating utang panlabas sa pamamagitan ng pag-utang. Isa sa pinakamalaking inutang ng pamahalaan ay ang pagtustos sa Bataan Nuclear Power Plant na nagkakahalaga ng Php 21.2 Bilyon na dahil sa peligro ng lokasyon nito malapit sa bulkan ay kahit isang kilowat mula dito ay hindi natin nagamit at ngayo'y isang nabubulok na pasilidad na patuloy nating binabayaran. Ang *inflation rate* ay lumobo mula kulang-kulang 10% noong 1983 hanggang sa average na 50% noong 1984, pinakamalaki mula pa noong WW2.

Sinasabing dinambong ng mga Marcos ang kaban ng bayan. Sa ulat ng pamahalaang Pilipino noong 1986, sinasabing nakumpirma na US\$ 860 Milyong ang nakuha ng mga Marcos mula 1965, at tinatayang US\$ 5-10 Bilyon ang kabuuang halaga ng kanilang dinambong. Ito ang nagbunsod sa *Guinness Book of World Records* na tanghalin sa Marcos bilang pinakamalaking magnanakaw (Young 1997, 166). Bagama't iba't ibang kaso ng katiwalian at pandarambong ang nalusutan ng balo niyang si Imelda, makikita sa maraming pagkakataon ang karangyaan ng pamumuhay ng Unang Pamilya sa kanilang mga piging, mararangyang handaan, iba't ibang mga malalaking ari-arian, at ang libo-libong sapatos ni Imelda. Gayundin, ang mga nakumpirmang mga deposito ni Pangulong Marcos at ng kanyang pamilya sa Swiss Bank na nagkakahalaga ng US\$ 684 Milyon ay naibalik na sa pamahalaang Pilipino kamakailan lamang (del Rosario at Burkhalter 2013). Ito ay sa kabila ng kawalan ng disenteng tahanan at makakain ng maraming Pilipino.

Kalinangan: Sa aming interbyu sa dating Unang Ginang Imelda Romualdez Marcos, kanyang sinabi na sa kanyang pagiging Ina ng Bayan, siya ang mangangasiwa ng tahanan, “*What makes a home? Love. What is love when made real? Beauty.*” (Apostol & Arroyo 1997). At ang Katotohanan, Kabaitan, at Kagandahan ay makikita sa kultura ng ating bansa. Kaya naman, noong 1969, pinasinayaan niya ang Sentrong Pangkultura ng Pilipinas (CCP) upang maging tanghalan ng sining at kultura. Ito ang pinakauna sa mga malahiganteng edipisyong kanyang ipinatayo—*Edifice Complex* (Mababasa ang mga salaysay ukol dito sa Lico 2003). Sa kabila ng sinasabing pagiging tahanan nito ng sining Pilipino, ang karamihan ng masang Pilipino ay walang kakayahang makapasok, liban pa sa katotohanang ang mga palabas dito ay sa panlasa lamang ng elit. Ginamit din ang kalinangan at kasaysayan sa pagbibigay ng lehitimisasyon ng diktadura sa mga kababayan at sa daigdig. Naidaos ang *Miss Universe Pageant* at ang *Thrilla in Manila* ng mga boksingerong sina Muhammad Ali at Joe Frazier sa bansa. Ipinakita naman ng malahikang paradang *Kasaysayan ng Lahi* (Trofeo 1974) at ng multi-bolyum na *Tadhana: History of the Filipino People* (Marcos 1976; Salazar 1993, 193-199, Cruz 1993, 200-203) na ang kaganapan ng buong kasaysayan ng Pilipinas ay ang pamumuno ng mag-asawang diktador. Hanggang sa ngayon, patuloy na ipinapakita ni Imelda na silang mag-asawa ang katauhan nina Malakas at Maganda, ang mitikal na unang lalaki at babae sa Pilipinas. Iपालaganap rin ang mga makabayang awit tulad ng *Bagong Silang* (Felipe de Leon), *Ako ay Pilipino* (George Canseco) at ipinabigkas sa mga bata ang *Panatang Makabayan*. Sa huli, maging ang pelikulang bomba ay ipinalaganap at ipinalabas sa Manila Film Center upang bigyan ng “escape” ang mga tao sa problema ng bayan.

Sa kabila ng kulturang ipinalaganap ng estado, maraming mga makabayang artista ang nagpakita ng mapait na kalagayan ng bansa. Sinalamin ng mga militanteng mang-aawit tulad ng Inang Laya at ng mga makabayang mandudula at direktor tulad nina Behn Cervantes at Lino Brocka ang katotohanan sa likod ng mapanlinlang na mukha ng diktadura. Ang mga grupo ng Pinoy Rock tulad ng Juan dela Cruz Band, ang sumalamin sa kaguguluhang bumabagabag sa kabataan sa kabila ng kaayusan ng diktadura. Maging sa OPM (Original Pinoy Music) na itinaguyod ng diktadura upang ikubli ang kapangitan ng buhay sa bansa, lumitaw ang mga tulad ng Apo Hiking Society at Freddie Aguilar na naging boses ng protesta. Naging malaki ang papel ng alternatibong kulturang bayan sa pagpapanatiling buhay ng kamalayan ng kalayaan.

V. Kapangyarihang Bayan

Noong 1986, ang diktadura ni Marcos ay napatalsik ng isang apat na araw na malawakan at mapayapang pag-aalsa ng humigit-kumulang dalawang milyong mamayan sa Epifanio delos Santos Ave. (EDSA). Tinawag ang pangyayaring ito na *People Power* (Kapangyarihang Bayan). Marami ang naniniwala na ang mga pagkilos laban kay Marcos na nagbunsod ng EDSA ay nagsimula nang mapaslang sa kamay ng mga militar ang oposisyunistang si Benigno “Ninoy” Aquino, Jr. noong 1983. Ngunit makikita sa kasaysayan na maging sa kabila ng kahigpitan ng kamay na bakal ng Batas Militar, malaganap na ang pagkilos ng bayan laban kay Marcos, at maging ito ay may malalim na ugat sa kasaysayan ng Pilipinas.

Kalayaan: Matapos ang digmaang Pasipiko, ang mga kasapi ng Hukbalahap ay muling namundok nang makitang hindi pa rin tunay ang kalayaang nakamit noong 1946. Ang pulitika at

lupa ay hawak pa rin ng iilan tulad noong panahon bago ang digmaan. Sa mga kapatagan ng Gitnang Luzon, pangunahin nilang ipinaglaban ang kanilang karapatan sa lupa, hanggang sa manghina ang kanilang samahan sa mga unang taon ng Dekada 1950 at sa pagbaba sa bundok ng isa sa mga pinuno nilang si Luis Taruc noong Mayo 1954 (Makikita ang salaysay nito sa Kerkvliet 1979).

Ilang taon ang lilipas, sa kalahati ng Dekada 1960, nagsimulang kumilos ang kabataan laban sa pakikisangkot ng Pilipinas sa Digmaan sa Vietnam at ang patuloy na pangingibabaw ng interes ng Amerika sa Pilipinas. Itinatag ng isang batang instruktur sa Ingles sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, si Jose Maria Sison, ang Kabataang Makabayan. Isa lamang ito sa maraming samahan na nanguna sa malawakang pagkilos ng kabataan laban sa administrasyon ni Marcos na tinawag na Sigwa ng Unang Kwarto (First Quarter Storm) noong Enero 1970 at ang *Diliman Commune* ng mga estudyante at propesor ng UP noong Pebrero 1971 na naging bahagi ng pandaigdigang pagkilos ng kabataan para sa pagbabago (Makikita ang mga salaysay ukol dito sa (Lacaba 1982).

Noong 1968, muling itinatag ni Sison (Amado Guerrero) ang Communist Party of the Philippines (CPP), at makalipas ang ilang buwan, ang New People's Army (NPA), ang armadong kasapian nito na kinabilangan ng mga dating kasapi ng Huk (Rosca 2004, 20-23). Ang CPP-NPA ay ginawang isa sa mga dahilan ni Marcos upang ideklara ang Batas Militar. Ngunit, imbes na manghina ang kasapian nito, lumaki pa ito ng 23,000 hanggang 26,000 regular na mga kasapi ayon sa mga militar noong 1986 (Santos at Robes 1987, 15). Kaya sinasabi ng mga kritiko na si Marcos ang numero unong *recruiter* para sa NPA. Matapos na gamitin ng

estado ang ilang kabataan sa bayang Tausug noong 1968 para sa proyektong pagbawi sa Sabah, Malaysia o “Operasyong Jabidah” upang patayin lamang, nag-alab ang damdaming separatista ng ilan sa mga kababayan nating Muslim (Vitug 2000). Noong 1972, inilunsad ng Moro National Liberation Front (MNLF) sa pamumuno ni Nur Misuari ang armadong pakikibaka ng Bangsamoro para sa tunay na kalayaan na sinundan naman ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) (Rodil 2003, 129). Hanggang ngayon, patuloy ang *protracted war* ng mga rebeldeng Komunista sa kabila ng pagkakaroon na ng mga kasunduan sa pamahalaan ng MNLF noong 1996 (pagkakaroon ng Southern Philippines Council for Peace and Development) at ng MILF noong 2014 (pagkakaroon ng Bangsamoro autonomous entity).

Sa kalunsuran, sa kabila ng kahigpitan ng kamay na bakal, nagsimula na ang mga unang pagkilos laban sa diktadura. Tatlong taon pa lamang ang Batas Militar, noong 1975, inilunsad ng mga manggagawa sa welga sa La Tondeña. Noong ika-23 ng Nobyembre noong taon na iyon, nagdaos ng protestang misa ang 4,000 manggagawa, marakita at gitnang pwersa sa Sta. Cruz Church. Sa Araw ng Paggawa ng sumunod nataon, idinaos ng mga manggagawa sa St. Joseph’s College auditorium ang kauna-unahang Labor Day rally sa ilalim ng Batas Militar.

Mula sa simula, kinondena na ng mga Protestante sa pamamagitan ng National Council of Churches in the Philippines (NCCP) ang Batas Militar (Schwenk 1986, 19) habang *critical collaboration* naman ang naging tindig ng pamunuan ng Simbahang Katoliko. Subalit nagsimulang maging mas kritikal kaysa matulungin ang simbahan nang lusubin ng mga militar ang Sacred Heart Novitiate sa Novaliches noong ika-24 ng Agosto, 1974. Mula noon, nagkaroon na ng aktibong papel si Jaime Cardinal Sin, ang Arsobispo ng Maynila, sa pakikibaka laban kay

Marcos (Archdiocese of Manila 2003) bagama't 1974 pa lamang, binuo na ng Association of Major Religious Superiors of the Philippines (AMRSP) ang Task Force Detainees of the Philippines (TFDP), isang samahang tumulong sa mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao. Ang mga simbahan, na sa mga karaniwang pagkakataon ay hindi nakikialam sa pulitika, ay piniling manindigan para sa kalayaan (Youngblood 1983, 84).

Sa kabila ng pagkakapiit nila nang ideklara ang Batas Militar, nagpatuloy sa pakikibaka ang mga pulitiko at mga propesyunal, ang mga tinawag na *Civil Libertarians*: Jose Wright Diokno, Lorenzo Tañada, Joaquin "Chino" Roces, Rene Saguisag, at marami pang iba. Nagtatag sila ng mga organisasyon tulad ng Free Legal Assistance Group (FLAG), sumama sa mga kilusang bayan sa mga protesta, at nakilahok sa mga halalan laban sa partido ni Marcos lalo na noong 1978 Interim Batasang Pambansa (Mababasa ang salaysay ng ilan sa mga "civil libertarians" sa Maranba 1993).

Kaya naman, nang paslangin ang pinakasikat sa lahat ng mga lumalaban kay Pang. Marcos, si Benigno "Ninoy" Aquino, Jr., noong ika-21 ng Agosto 1983 nang siya ay bumalik sa Pilipinas, napatag na ang landas. Marami nang pagkilos ang nasimulan, maraming mga bayani na ang naunang nagbuwis ng buhay—Mga martir na tulad ng mga Doktor ng Masa (Bobby dela Paz, Johnny Escandor), mga lider-kabataan (Lorie Barros, Edgar Jopson, Eman Lacaba, ang mga salaysay nila ay mababasa sa Maramba 1997), at maging mula sa mga katutubo (Macli-ing Dulag ng Kalinga). Handa na ang daan sa pagsama ng gitnang uri at ng mas nakararaming mamamayan sa mga protesta—dalawang milyon ang nagdala kay Ninoy sa kanyang huling hantungan, mas malaki pa sa libing ni Mahatma Gandhi (Apostol 1983).

Naging sunod-sunod na ang mga malawakang protesta. Noong ika-3 ng Nobyembre, 1985, sa presyur ng pamahalaan ng Estados Unidos, nagpatawag si Marcos ng *Snap Elections* sa loob ng tatlong buwan upang mapatunayan ang kanyang mandato mula sa mga mamamayan. Naging mabilis ang mga sumunod na pangyayari. Sa halalan, ipinroklamang nagwagi si Marcos. Nagpatawag ng boykot sa mga kumpanyang kroni ang balo ni Ninoy na si Cory Aquino, siya raw ang nanalo. Nagtangka ang Reform the Armed Forces Movement (RAM) na marahas na patalsikin si Marcos, ngunit sila ay nabuko at nanindigan kasama ang kanilang mga pinuno: Ang tagapagpatupad ng Batas Militar na si Ministro ng Tanggulang Bansa Juan Ponce Enrile, at ang pangalawang pinuno ng Sandatahang Lakas Hen. Fidel Ramos. Upang sagipin ang mga kawal sa tiyak na kamatayan, tinawag ni Cardinal Sin ang mga mamamayan patungo sa mga kampo militar sa EDSA. Sa pagdating ng mga tangke ni Marcos, dalawang milyong nananalangin na mga mamamayan ang humarang sa kanila. Sa tagumpay ng sama-samang pagkilos ng mga mamamayan na tinawag na *People Power* (Kapangyarihang Bayan) sa EDSA noong apat na araw ng Pebrero 1986, at kung babalikan pa, sa mga pagkilos mula pa noong mga madilim na panahon ng Batas Militar at sa iba't ibang protesta at mga EDSA na naganap sa buong Pilipinas (Mercado 1986, 292-293), nagkaroon ng pangako ng mapayapang pagbabago sa Pilipinas, at inspirasyon ang iba pang mga bansang nasa ilalim ng mga mararahas na rehimen. Tiningala ng mga bansa ang kadakilaan ng lahi (Mercado 1986, Burton 1989; Stuart-Sanitiago 2000).

Kaginhawaan: Naging inspirasyon ang daang EDSA at ang kapangyarihang bayan sa pamumuno ng mga sumunod na pangulo matapos ang EDSA: Sina Corazon “Cory” Aquino (People Power), Fidel “Eddie, FVR” Ramos (tumakbo sa ilalim ng kanyang partido Lakas-Tao o *People Power*

Party noong 1992), Joseph “Erap” Ejercito Estrada (tinawag ang sarili na Ama ng Masa, Erap Para sa Mahihirap), Gloria “GMA” Macapagal-Arroyo (Pangulo ng Malakas na Republika, tinawag ang sarili na Pangulo ng EDSA Dos at EDSA Tres, bagama’t tila hindi napangatawanan) at Benigno Simeon “Noynoy” Aquino, III (Daang Matuwid). Iniwan ni Marcos na baon sa utang ang bansa kaya hirap itong makabangon, isama pa ang iba’t ibang pagsubok sa bayan ng mga malalaking sakuna at krisis sa pamumuno ni Cory Aquino: pitong tangkang kudeta, lindol ng ika-16 ng Hulyo 1990, pagsabog ng bulkang Pinatubo matapos ang apat na daang taong pagkakahimbing noong Hunyo ng 1991, at ang krisis sa kuryente at araw-araw na brown-out. Ngunit ang mga polisiya ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon ni Ramos ay nagpakita ng persepsyon ng pag-angat ng ating ekonomiya. Tila ang kanyang *Philippines 2000* ay nagtagumpay sa paglalagay sa atin sa mapa ng Timog Silangang Asya bilang *tiger cub economy*. Ngunit bago matapos ang kanyang termino, noong 1997, lubhang naapektuhan ang bansa ng *Asian Financial Crunch* (Balisacan at Hill 2003, 54-59) Upang patuloy na lumutang ang ekonomiya ng bansa sa mga nakaraang taon, umasa pa rin tayo sa pera ng dayuhan: sa kanilang mga *foreign direct investment*, sa *remittances* ng mga migranteng manggagawa (Sa aking personal na pakikipag-usap sa milyonaryong negosyante na si Don Augusto Zobel de Ayala noong ika-3 ng Disyembre 2005, binanggit niya na kaya lamang *stable* ang ekonomiya ng Pilipinas ay dahil sa mga *Overseas Filipino Workers*), at sa *outsourcing* tulad ng mga *call center*. Kaya naman, palagiang lumilitaw ang mga panawagan na palitan muli ang mga pangkabuhayang probisyon ng Saligang Batas ng 1987 upang tanggalin ang pagbabawal sa mga dayuhan na magkaroon ng buong pagmamay-ari sa mga negosyo at kumpanya.

Kalinangan: Nagtagumpay ang mga pagbabagong dulot ng mga mapayapang kapangyarihang bayan sa Silangang Europa, subalit matapos ang unang EDSA, tila naging minimal ang pagbabago sa buhay ng mamamayang Pilipino na nagpasimula nito at naging inspirasyon ng daigdig. Ano ang balitang makikita ngayon sa radyo at TV? Kasabay ng pagbabalik ng mga demokratikong institusyon, naibalik din ang lumang oligarkiya at ang mga tradisyunal na pulitiko. Mas lumawak pa ang agwat sa pagitan ng mayayaman at mahihirap at nanatili ang kultura ng katiwalian sa pamahalaan. Kaya naman kinailangang muling kumilos noong Enero 2001 upang patalsikin ang diumano'y tiwaling pangulo na si Erap Estrada na tinawag na EDSA Dos (Doronilla 2001; Laquian at Laquian 2002; at Salazar 2005). Matapos noon, may mga ilang EDSA pang tinangka, ngunit nabigo. Lumawig ang pagkakahati ng bayan. Ayon sa isang sarbey ng Pulse Asia tumaas mula sa 26% noong Hulyo 2005, patungong 33% noong Oktubre 2005 ang porsyento ng mga Pilipino na nagnanais na tuluyan nang mangibang-bayan (migrate) (Pulse Asia 2005, w.p.).

Ayon kay Manolo Quezon:

...Kailangan nating tanggapin na ang EDSA noon ay hindi pwedeng gawing de kahon na solusyon sa mga suliranin na hinaharap natin. Kung mayroong itinuro ito sa atin ay ito lang: Pag malupit ang kalaban, talagang kailangang magsama-sama ang lahat. Ngunit, ibang-iba ang istayl naman kahit ng mga kalaban. At ang kalaban ng kalayaan, ang kalaban ng demokrasya ay mismong nagpapalit at humahanap na rin ng iba't ibang paraan habang nagpapalit ang panahon. Kaya

ang People Power noon ay hindi na rin mauulit sa hinaharap. Ngunit ang mga layunin ng People Power, iyon ang *eternal!* (Nolasco 2006)

Liban sa pulitikal na pagtingin, ang mga katangian at kulturang Pilipino na sinalamin ng Kapangyarihang Bayan, ang Diwang EDSA, ay malalim ang ugat sa kulturang Pilipino: *Pananampalataya, Pakikipagkapwa, Pakikiramay, Pagiging Masiyahin, Bayanihan, Pagiging Mapayapa, and Pagiging Malikhain* (Montelibano 2000, w.p.) Katuparan ang 1986 ng mga ipinaglaban ng Katipunan noong 1896 para sa tunay na kalayaan at ginhawa, subalit hindi ito napanatili. Ayon kay Prop. Behn Cervantes, nabigong magkaroon ng pagbabago sa kalooban at kultura ng mga tao matapos ang EDSA. Sa kanyang palagay, edukasyon ang magiging daan upang mabuhay ang Diwang EDSA (Cervantes 2006, w.p.).

Sa kabila ng kaguluhan sa pulitika, ang diwang EDSA ay nakikitang buhay sa maraming mga tao. Ang malaking pagbabago na naibigay ng EDSA ay ang pagdami ng kasapi ng *Civil Society* at mga NGOs, mga boluntir na handang tunulong sa tao. Gayundin ang espasyong demokratiko ayon sa mga nagtatag ng internet sa Pilipinas tulad nina William Torres, ang nagbigay daan sa pagkakaroon ng *Cyberspace* sa Pilipinas dahil sa Information Technology Coordinating Council o ITCC (ngayo'y Commission on Information and Communications Technology o CICT) na itinatag ni Pangulong Cory Aquino noong 1987 (Pabicko 2006, 40). Dahil dito, sa panahon ngayon ng *texting, Facebook at Youtube*, marami na ang pumipiling makilahok sa lipunan sa pamamagitan ng mga mas bago at mapagpalayang anyo ng sining (Pertierra 2012, Tapnio at Rood 2011).

Sa kabila ng pagkakahating pangkalinangan at makauri sa bansa, nakikita ang mga pagsisikap na ibalik sa tao ang kapangyarihan ng pamahalaan bagama't paunti-unti. Ang pagpunla ng mga binhi ng desentralisasyon ng kapangyarihan mula sa pangulo at pambansang pamahalaan tungo sa mga lokal na pinuno na dapat namang maging unang tagapagtugon sa mga suliranin ng bayan sa pamamagitan ng pagpasa sa *Local Government Code* noong 1991. Gayundin ang matagumpay na eksperimento para sa isang Cordillera Administrative Region (CAR) na nagbigay-daan sa kapayapaan sa mga grupo sa Hilagang Luzon, at ang pagpapatuloy ng usaping pangkapayapaan na nagbigay daan sa pagbabalik loob sa pamahalaan ng Moro National Liberation Front, pagkakaroon ng Southern Philippines Council for Peace and Development sa Autonomous Region for Muslim Mindanao (ARMM) noong 1996, at pagapatuloy ng usaping pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) na siyang bubuo ng *Bangsamoro entity* sa Muslim Mindanao. Maging ang ating polisyang panlabas ay muling tinitingnan ang mga kapit-bahay na bansa sa Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) lalo sa nalalapit na “integrasyon” nito sa 2015. Ito ay sa kabila nang muling pagbabalik ng saysay ng relasyon ng bansa sa Estados Unidos dahil sa pagtindig natin sa pang-aagaw ng teritoryo mula sa atin ng Tsina sa may *West Philippine Sea*.

Lumaganap din ang paghahanap ng landas ng pagkakaisa sa pamamagitan ng mga *peace studies* at *inter-faith dialogue*. Maging sa mapanghating pulitika sa bansa, makikita ang patsi-patsing mga “anyo ng pagkakaisa” sa kolektibong pagtuligsa sa iba't ibang sinasabing anomalya sa ilalim ng Administrasyong Arroyo—ang Hello Garci Scandal, ang ZTE Broadband Deal, ang panibagong *Jueteng* Scandal, at marami pang iba. Ang pinakamalaking manipestasyon ng pagkilos na ito ay ang resulta ng halalan noong 2010 na naghalal sa oposisyunistang si Noynoy

Aquino sa pagkapangulo at ang pagkakaaresto sa Pangulong Arroyo. Kaya naman, sa ilalim ng sinasabing pamahalaang may “tuwid na landas,” kolektibo pa rin ang pagkadismaya at mas mapagmatyag ang mga mamamayan sa mga isyu tulad ng korupsiyon sa paggamit ng “Pork Barrel.”

Hindi ba’t ipinapamalas ng Gawad Kalinga ang mga pamayanang maaaring mabuo sa pagtutulungan ng iba’t ibang sektor ng lipunan? Hindi ba’t ang pag-asa ng pagkakaisa at pagtutulungan natin kahit iba-iba ang ating mga pinagmulan, kalinangan at isyu sa buong Pilipinas ay makikita sa kolektibo nating pagdamay sa mga panahon ng trahedya tulad ng nangyaro sa bagyong “Ondoy” sa Luzon noong 2009 at sa bagyong “Yolanda” sa Visayas noong 2013? Hindi ba’t possible ang tunay na kapangyarihang bayan sa kabila ng malalaking mga suliranin sa loob at labas ng ating bayan?

Ang mga guro sa kasaysayan na katulad natin ay may mahalagang papel sa pagpapaalala sa bagong henerasyon sa Diwa ng EDSA na dapat taglayin ng lahat sa pagpapatuloy ng samasamang pakikibaka ng lahat para sa tunay ng kalayaan, kaginhawaan at kalinangan (pagkakakilanlan natin bilang mga Pilipino) na inadhika nina Andres Bonifacio at ng mga Katipunero noong 1896. Ang globalisasyon ay hindi maiiwasan subalit hindi natin maaaring harapin ang hamong panlabas kung hindi buo ang kalinangan sa loob. Makakasabay lamang tayo sa globalisasyon kung kilala natin ang ating sarili. Kung hindi, matatangay lamang sa agos ang ating kultura at pagkabansa hanggang maglaho ito. Ngunit dakila ang Pinoy at kaya natin ang lahat ng mga pagsubok. Ayon nga kay Bamboo ”Hoy! Pinoy Ako / buo ang aking loob, may agimat ang dugo ko!” (Mañalac 2004, w.p.) Ito ang hamon ng ating panahon.

Binigkas sa CHED - UP Departamento ng Kasaysayan Seminar-Workshop sa Kasaysayan ng Bayan, noong umaga ng ika-4 ng Mayo 2007 sa College of the Immaculate Conception sa Lungsod ng Cabanatuan. Pasasalamat kay John Joshua Duldulao sa pagsasaayos ng bibliyograpiya at sa mga referee sa kanilang mga puna, komento at suhestiyon. Para kay Rolando "RJ" Torrechiva Cuevas I, naging estudyante ko noong unang semestre ng 2006-2007, na sumakabilang buhay sa panahong una kong isinulat ang papel na ito.

MGA BATIS:

Mga Lathalain:

- Abueva, J. V. (1971). *Ramon Magsaysay: A political biography*. Maynila: Solidaridad Publishing House.
- Agoncillo, T., & Guerrero, M. (1977). *History of the Filipino people* (5th ed.). Lungsod Quezon: R.P. Garcia Publishing Co.
- Aquino, B. S. Jr. (2000). *Testament from a prison cell* (2nd ed.). Makati: Benigno S. Aquino, Jr. Foundation, Inc.
- Balisacan, A., & Hill, H. (2003). *The Philippine economy: Development, policies and challenges*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Barraclough, G. (1967). *An introduction to contemporary history*. Harmondsworth: Penguin Books.
- Bauer, Y. (1976). Contemporary history – Some methodological problems. *Nasa History*, 61(203): 333–343.
- Bonner, R. (1987). *Waltzing with a dictator: The Marcoses and the making of American policy*. New York: Times Books.
- Burton, S. (1989). *Impossible dream: The Marcoses, the Aquinos and the unfinished revolution*. Nueva York: Warner Books, Inc.

- Cervantes, B. (2006, Enero). *Balik tanaw sa EDSA 1986: Iba't ibang perspektiba*. Sampaksaan ng UP Departamento ng Kasaysayan sa pakikipagtulungan ng UP Lipunang Pangkasaysayan, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, Lungsod Quezon.
- Chua, M. C. (2008-2009). Ang Imeldific: Representasyon at kapangyarihan sa Sto. Niño Shrine sa lungsod ng Tacloban. *Philippine social sciences review*, 60-61(1-2), 57-93.
- Claudio, L. E. (2013). *Taming people's power: The EDSA revolutions and their contradictions*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Constantino, R. (1966). *The Filipinos in the Philippines and Other Essays*. Mandaluyong: Cacho Hermanos, Inc.
- Coronel, S. S., Chua Y. T., Rimban, L., & Cruz, B. B. (2004). *The Rulemakers: How the Wealthy and Well-born Dominate Congress*. Lungsod Quezon: Philippine Center for Investigative Journalism.
- Corrales, C. B., E. Lingao at E.D. (2013). 'High rollers' rule Senate donors, give P795-M in campaign funds. *GMA news online*. <http://www.gmanetwork.com/news/story/329194/news/specialreports/money-politics-and-the-may-2013-elections-high-rollers-rule-senate-donors-give-p795-m-in-campaign-funds>.
- Cortes, R. M. (ed). (1999). *Philippine presidents: 100 years*. Lungsod Quezon: Philippine Historical Association at New Day Publishers.
- Croce, B., & Leaner, F. & Ryn, C. G. (Eds). (2000). *History as the story of liberty*. (S. Sprigge, Trans.). Indianapolis: Liberty Fund (Orihinal na inilimbag 1937).
- Cruz, R. V. (1993). Ang paggawa ng tadhana mula 1980. Sa M. B. Abrera & D. A. Lapar (Eds.), *Paksa, paraan at pananaw sa kasaysayan* (pp. 200-203). Lungsod Quezon: Departamento ng Kasaysayan UP, UP Lipunang Pangkasaysayan & Bahay Saliksikan ng Kasaysayan.
- Del Rosario, A. & Burkhalter, D. (2013, February 27). Learning from the discovery of Marcos assets. *Philippine Star*. <http://www.philstar.com/headlines/2013/02/27/913612/learning-discovery-marcos-assets>.
- Delmendo, S. (2005). *The Star-Entangled Banner: One Hundred Years of America in the Philippines*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- Doronilla, A. (2001). *The fall of Joseph Estrada: The inside story*. Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc.

- Enriquez, V. G. (1992). *From colonial to liberation psychology: The Philippine experience*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- Fernandez, E. (2006). Decolonizing the Filipino: Cultural intellectual revolution in contemporary Philippines. Papel sa Asian Youth Culture Camp na may temang “Doing Cultural Spaces in Asia.” http://cct.pa.go.kr/data/acf2006/aycc/aycc_1402_Erwin%20Soriano%20Fernandez.pdf.
- Gripaldo, E. M., Boquiren, R. R., Miranda, E. A., Jose, R. T., Ignacio, V. S., Ambrosio, D. L., ... Mata, R. C. (2003). *Kasaysayan ng Filipinas at mga institusyong Filipino*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino—UP Diliman.
- Guerrero, A. (1971). *Philippine society and revolution*. Maynila: Pulang Tala Publications.
- Karnow, S. (1989). *In our image: America's empire in the Philippines*. Nueva York: Random House, Inc.
- Katigbak, P. (1998). The fight for women's suffrage. Sa M. C. Guerrero, *Under stars and stripes, Kasaysayan: The Story of the Filipino People, Volume Six* (p. 196-197). Hongkong: Asia Publishing Company, Ltd.
- Kerkvliet, B. J. (1979). *The Huk rebellion: A study of peasant revolt in the Philippines*. Lungsod Quezon: New Day Publishers.
- Kwan Laurel, R. (2010). *Philippine cultural disasters: Essays on an age of hyper consumption*. Lungsod ng Pasig: Willing Ox Publishing.
- Lacaba, J. F. (1982). *Days of disquiet, nights of rage: The first quarter storm & related events*. Maynila: Salinlahi Publishing House, Inc.
- Laquian, A. A., & Laquian, E. R. (2002). *The Erap tragedy: Tales from the snake pit*. Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc.
- Lico, G. R. (2003). *Edifice complex: Power, myth, and Marcos state architecture*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Llanes, F. & Veneracion, J. (2001). *Kasaysayang bayan: Sampung aralin sa kasaysayang Pilipino*. Maynila: Pambansang Suriang Pangkasaysayan.
- Manapat, R. (1991). *Some are smarter than others: The history of Marcos' crony capitalism*. Nueva York: Altheia Publications.
- Maramba, A. D. (Ed.). (1993). *Six modern Filipino heroes*. Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc.

- Maramba, A. D. (Ed.). (1997). *Six young Filipino martyrs*. Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc.
- Marcos, F. E. (1974). *Dream of a reformed society and other speeches*. Maynila: National Media Production Center.
- Marcos, F. E. (1976). *Tadhana: The history of the Filipino people* (Vol. II, Part 1). Manila: Marcos.
- Martinez, M. F. (2005). *Magsaysay: The people's president*. Lungsod ng Makati: RMJ Development.
- Miranda F. (2001). The political economy of national plunder: The Philipines under Marcos. Sa Center for Media Freedom and Responsibility (ed), *Memory, truth-telling and the pursuit of justice: A conference on the legacies of the Marcos dictatorship* (pp. 89-128). Lungsod Quezon: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University.
- Mercado, M. A. (Ed.). (1986). *People power: An eyewitness history*. Maynila: The James B. Reuter, S.J. Foundation.
- Mijares, P. (1976). *The conjugal dictatorship of Ferdinand and Imelda Marcos*. San Francisco: Union Squares Publications.
- Navarro, A.M. at A. L. Elumbre (2011). Labindalawang taon ng makakaliwang grupong party-list sa kongresong Pilipino. *Philippine social sciences review*, 63(1), 65-92.
- Nepomuceno-Francisco, M., & Arriola, M. C. (1987). *The history of the burgis*. Lungsod Quezon: GCF Books.
- Pabicko, Alecks P. 2006, January-February. William Torres: 'The electoral system must be changed.' *PCIJ i-Report*, 40-41
- Pertierra, R. (2012). *The new media, society and politics in the Philippines*. Berlin: Friedrich-Ebert-Stiftung (FES).
- Project 28 Days. (1986). *Bayan ko! Images of the Philippine revolt*. Hongkong: Project 28 Days, Ltd.
- Psinakis, S. (1981). *Two terrorists' meet*. Naga: Upperprint Lithographs (Bicol), Inc.
- Pulse Asia, Inc., "Pulse Asia's October 2005 Ulat ng Bayan Survey: Media Release on the Holiday Season, Hopelessness and Intention to Migrate."
- Quimpo, N. G. (2008). *Contested democracy and the left in the Philippines after Marcos*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

- Quirino, C. (1958). *Magsaysay of the Philippines*. Maynila: Ramon Magsaysay Memorial Society.
- Recto, C. M. (2002). Our lingering colonial complex. In M. Quezon III (Ed.), *20 speeches that moved a nation* (pp. 49-54). Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc. & Platypus Publishing.
- Rodil, B. R. (2003). *A story of Mindanao and Sulu in question and answer*. Lungsod ng Davao: MINCODE.
- Rosca, N. (2004). *José Maria Sison at home in the world: Portrait of a revolutionary*. Greensboro: Open Hand Publishing.
- Salazar, Z. A. (1993). Ang historyograpiya ng Tadhana: Isang malayang paggunita panayam. In M. B. Abrera & D. A. Lapar (Eds.), *Paksa, paraan at pananaw sa kasaysayan* (pp. 193-199). Lungsod Quezon: Departamento ng Kasaysayan UP, UP Lipunang Pangkasaysayan & Bahay Saliksikan ng Kasaysayan.
- Salazar, Z. A. (2004). *Kasaysayan ng kapilipinuhan: Bagong balangkas*. Lungsod Quezon: Bagong Kasaysayan.
- Salazar, Z. A. (2005). *Pangulong Erap: Biograpiyang sosyopulitikal at pangkalinangan ni Joseph Ejercito Estrada tomo 1: Pinunong bayan: Tungo sa hamon ng EDSA II*. San Juan: RPG Foundation, Inc.
- Santillan, N. M. (2000). *Liwanag at dilim sa dantaon 20: Isang pagsasakasaysayan at pagpapakahulugan ng pagbubuo ng bansang Pilipinas*. Di pa nalalathalang papel.
- Santos, A. L. & Domingo-Robes, L. (1987). *Power politics in the Philippines: The fall of Marcos*. Lungsod Quezon: Research for Philippine Progress Foundation.
- Saulo-Adriano, L. (1991). *A general assessment of the comprehensive agrarian reform program*. Lungsod ng Makati: Philippine Institute for Development Studies
- Shalom, S. R. (1986) *The United States and the Philippines: A study of neo-colonialism*. Lungsod Quezon: New Day Publishers.
- Stuart-Santiago, A. (2000). *Walang himala! Himagsikan sa EDSA*. Manila: Foundation for World Wide People Power.
- Schwenk, R. L. (1986). *Onward christians! Protestants in the Philippine revolution*. Lungsod Quezon: New Day Publishers.
- Tadem, T. S. E. (2013). Philippine technocracy and the politics of economic decision making during the Martial Law period (1972-1986). *Social science Diliman*, 9 (2): 1-25.

- Tapnio, E at S. Rood (2011). Social media in the Philippines is widespread, but what is its impact? *In Asia*. <http://asiafoundation.org/in-asia/2011/10/12/social-media-in-the-philippines-is-widespread-but-what-is-its-impact/>.
- Tolentino, R. B. (2001). *Sa loob at labas ng mall kong sawi kaliluha'y siyang nangyayaring hari: Ang pagkatuto at pagtatanghal ng kulturang popular*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- Veneracion, J. B. (1997). *Agos ng dugong kayumanggi: Isang kasaysayang ng sambayanang Pilipino* (New ed.). Lungsod Quezon: Abiva Publishing House, Inc.
- Vitug, M. D. and G. M. Gloria (2000). *Under the crescent moon: Rebellion in Mindanao*. Lungsod Quezon: Ateneo Center for Social Policy at Public Affairs and Institute for Popular Democracy.
- Young, M. C. (1997). *The Guinness book of world records*. Enfield, England: Guinness Publishing, Ltd.
- Youngblood, R. L. (1993). *Marcos against the church: Economic development and political repression in the Philippines*. Lungsod Quezon: New Day Publishers.

Mga Audio-Biswal na Media:

- Apostol, E., & Arroyo, F. (Producers). (1997). *Batas militar: A documentary on martial law in the Philippines* [documentary]. Philippines: Foundation for World Wide People Power.
- Archdiocese of Manila. (Producer). (2003). *Asin ng lupa: Simbahan at pulitika* [documentary]. Philippines: Jesuit Communications.
- Del Rosario, V. G. (Producer). (2002). *The greatest hit series: Live at the music museum* [videorecording]. Philippines: Viva Concerts.
- Magsaysay, J. (Reporter). (September 20, 1999). Karinyo Militar. *The Correspondents* [TV documentary]. Philippines: ABS-CBN.
- Mañalac, B. (2004). Noypi. On *As the music plays* [CD]. Quezon City: EMI Philippines, Inc.
- Montelibano, M. (Director). *EDSA 2000: Landas ng pagbabago* [documentary]. Philippines: EDSA People Power Commission.
- Nolasco, B. (Director). (2006). *EDSA: Mga tinig ng himagsikan* [documentary]. Philippines: Foundation for World Wide People Power.
- Trofeo, D. (Director). (1974). *Kasaysayan ng lahi* [documentary]. Philippines: National Media Production Center.

18 March 2014, 7:30 PM